

ANG KONSTRUKSYON SA DOWNTOWN SEATTLE AY MAKAKA-APEKTO KUNG PAANO TAYO MAKAKAIKOT-IKOT SA KABUUAN NG TAONG 2024

TAGALOG



Konstruksyon sa Waterfront: Ang Alaskan Way ay Magsisimula sa Fall 2019

Ang waterfront ay bukas habang isinasagawa ang konstruksyon.



Pagbabago sa mga Serbisyo ng Transit: Setyembre 21, 2019

Mag-enjoy sa mas maraming mga biyahe sa mga ruta ng bus sa Seattle.



Toll sa SR 99 Tunnel: Nobyembre 9, 2019

Asahan ang mas maraming trapiko sa mga kalye sa downtown. Ang mga rate ng toll ay \$1 hanggang \$2.25 gamit ang Good To Go! pass.



Makipag-connect sa 2020: Enero 2020

Maghanda sa 10 linggo ng nabawang serbisyo ng light rail service habang kinokonekta ng mga crew ang 12 bagong mga istasyon sa East Link ng Sound Transit (magbubukas sa 2023). Magkakaroon rin ng tatlong pagsasara sa weekend sa Oktubre at Nobyembre 2019.

Dagdagan ang kaalaman at ipaalam sa amin kung ano ang palagay ninyo:

www.seattle.gov/traffic

Seattle Traffic



City of Seattle

Limang Madadaling Hakbang para Baguhin ang Inyong Pagko-commute:

- 1 Mag-plano nang maaga at asahan ang mas matinding trapiko sa mga kalye sa downtown.
- 2 Maglaan ng dagdag na oras para maabot ang inyong destinasyon.
- 3 Subukan ng bagong paraan ng transportasyon tulad ng paglalakad, pamimisikleta, o pagsakay sa bus o light rail. Iwasan hangga't maaari ang pagmamaneho na mag-isa.
- 4 Bumisita sa www.seattle.gov/traffic para sa mga tool at impormasyon na kailangan ninyo para makaikot-ikot habang #SeattleSqueeze.
- 5 Magtiis ng kaunti at maging mabait sa inyong kapwa biyahero/a. Sama-sama tayo dito!

www.seattle.gov/traffic

ANO ANG SEATTLE SQUEEZE?

Sa susunod na limang taon, ang mga proyekto para sa pribado at pampublikong konstruksyon ay magdudulot ng matinding presyon sa ating sistema ng transportasyon.

Nagbabago ang paraan kung paano tayo bibiyahe lahat sa paligid at paikot sa Seattle. [#SeattleSqueeze](https://twitter.com/SeattleSqueeze)

2019-2024: Isang lungsod na patuloy na umuunlad

Mas maraming mga tao, mas maraming mga proyekto